

Mga aral Pang-Prosesong Kaligtasan hango sa sunog sa isang barko **Abril 2022**



Noong Hulyo 12, 2020, nagkaroon ng sunog sa Hukbong-Dagat na Barkong USS Bonhomme Richard ng Estados Unidos habang ito ay nakadaong sa San Diego, California. Ang sunog ay tumagal ng 5 araw at kumalat sa 11 sa 15 na palapag ng barko. Ang temperatura mula sa apoy ay lampas sa 1400 °F (760 °C). Ang pinansiyal na pagkawala ay higit sa 3 bilyong dolyar, at ang barko ay dini-komisyon.

Kasunod ng apoy, inalar ng Hukbong-Dagat ng Estados Unidos sa 15 apoy na naganap sa mga barko sa loob ng mahigit 12-taong panahon bago ang sunog ng Bonhomme Richard. Ang pag-aaral na ito ay tinukoy ang maramihang paulit-ulit na mga kadahilanan, kapwa sa kung paano nagsimula ang apoy, at kung paano sila mabilis na kumalat. Ang ilan sa mga sanhi ng mga sunog sa barko ng Hukbong-Dagat ay mga potensyal ding sanhi ng apoy, o para sa apoy na lumago sa mas malubhang pangyayari, sa proseso ng industriya.

Sanggunian: "Major Fires Review Executive Summary, Commander, U. S. Fleet Forces Command and Commander, US Pacific Fleet, Hulyo 15, 2021 (Isyu Oktubre 19, 2021). <https://www.documentcloud.org/documents/21089015-for-release-major-fires-review-19-oct-21>

Alam Mo Ba?

- Ang ilang mga natuklasan mula sa imbestigasyon ng Hukbong-Dagat ng Estados Unidos na kung saan ay may kaugnayan sa proseso ng industriya ay kinabibilangan ng:
- Ang pagdala ng mga di-awtorisadong materyales sa loob ng barko.
- Ang mga madaling magliyab at mapanganib na mga materyales ay hindi napangasiwaan at naiimbak nang wasto.
- Hindi sinunod ang mga pamamaraan, at hindi epektibo ang inspeksyon.
- Labis ang dami ng madaling magliyab at mapanganib na mga materyales ang naka-imbak sa portableng lalagyan na walang pagkilala sa panganib ng apoy.
- Walang komprehensibong pagsusuri, pag-apruba o pangangasiwa ng mainit na trabaho, at walang pansamantalang proteksyon o angkop na pagtugon sa sunog.
- Ang mga tauhan ay hindi sanay sa paggamit ng pantukoy ng apoy at sistema ng pagsugpo at sa kagamitang komunikasyong pang-emerhensya.

Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Kung ang iyong planta ay humahawak ng madaling mag-aapoy, madaling magliyab, o iba pang mapanganib na mga materyales sa portableng lalagyan, laging itago ang mga lalagyan sa maayos na itinalagang mga lugar na kung saan ay sumusunod sa mga regulasyon at pamantayan para sa imbakan ng mga materyales na iyon.
- Ibalik kaagad ang hindi nagamit na materyal sa mga lalagyan sa lugar ng imbakan kapag natukoy mo na ang mga ito ay hindi na kailangan sa lugar ng produksyon.
- Mariing sundin ang iyong mga pamamaraan ng planta para sa mainit na trabaho at iba pang trabaho na nangangailangan ng permiso.
- Repasuhin ang iba pang mga Beacon na tinatalakay ang mainit na trabaho (6/2018, 5/2020, 8/2021, 3/2022, hanapin ang www.aiche.org para sa "Beacon").
- Lumahok sa mga pagsasanay sa emerhensya at iulat ang anumang mga isyu na iyong naobserbahan sa panahon ng pagsasanay upang ang pamaraang pang-emerhensya ay maaaring mapabuti.
- Kung ang iyong planta ay hindi nagkaroon ng pagsasanay sa emerhensya kamakailan imungkahi na isagawa ito.
- Magsiyasat sa sinangguning Ulat ng Hukbong-Dagat ng Estado Unidos at hanapin ang iba pang mga aralin na may kaugnayan sa iyong planta.

Tingnan ang mga aralin sa kaligtasan pang-proseso sa mga balita!